# ANG HABI NA NATATANGI





Kwento ni:
Suzette Mae Narisma-Felisilda

Guhit ni:
May Bernadette Narisma-San Diego

# ANG HABI NA NATATANGI

**Mga Kasanayan:**

Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng tono o damdamin, paglalarawan,kayarian ng mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang diin at tambalang salita ( Code: F5PT-Ic-1.15, F5PT-Ij-1.14, F5PT-IId-9,F5PT-IIe-4.3)

Naibabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan. (F5PS-IIIb-e-3.1)
Nagagamit ang iba’t ibang uri ng pangungusap. (F5WG-IVa-13.1).v



# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant of the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profi t. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use of any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Felisilda, Suzette Mae N., *Ang Habi na Natatangi*, DepEd – BLR, 2022

## DEVELOPMENT TEAM

Writer: Suzette Mae Narisma - Felisilda
Illustrator: May Bernadette Narisma-San Diego

Learning Resource Manager: Christopher P. Felipe
Analiza C. Almazan

Davao del Sur
Region XI





"Magiging mahusay na mangangaso ka! " mariin na sabi ni *Iná* habang tinutulak ako palabas ng aming dampa.

"Ngunit, *Iná.* Ayaw mo bang pagbigyan ang aking hiling?" garalgal na ang boses ko sa pagmamakaawa.

"Naku, Usman, alam kong kaya mo yan. Ikararangal ka ng ating pamilya kapag ginawa mo ito. Sige na! Humayo na kayo, upang maaga kayong makapagpahinga ng iyong ama," ang pagbabalewala ni *Iná.*

"Ngunit, *Iná*, sa tingin ko, ako'y biniyayaan ng dakilang Baitpandi ... "

Bago pa man ako matapos ay tinakpan ng aking Iná ang aking bibig. Dagli siyang lumingon-lingon.

Tiniyak niyang walang ibang tao sa paligid bago nagpatuloy sa pagsasalita.

"Makinig ka, Usman," tiningnan ako ni *Iná* nang mata sa mata.

"Ang paghahabi ay isang sagradong tradisyon ngunit ang batang lalaki na katulad mo ay ipinanganak sa mas mataas na layunin. Magiging mahusay na mangangaso ka, gaya ng iyong ama."

Iyon na ang huling pagkakataon ng pagsusumamo ko kay *Iná* na paniwalaan ako. Nais kong patunayan na lamang ito sa lahat nang nasa Tribu.

Mula noon ay mas ginalingan ko pa ang pangangaso at pinag-igi ko ang pagpapana. Mas binilisan ko ang bawat ipinagagawa sa akin ni ama upang mas maaga kaming makauwi.

Sa ganitong paraan ay mas mahaba ang aking pagkakataon na panoorin si *Iná* habang naghahabi.



Nakakubli sa likuran ng pinto. Pinanood ko ang kaniyang mga galaw. Ang mga kamay niya ay tila sumasayaw. Mga kamay na walang mintis sa paghahabi. Dagdag pa ang mata niyang tila didikit na sa bawat tinitirintas na abaka.

Ramdam ko tuloy ang tensiyon sa mukha ni *Iná.* Mga pawis na dumadagayday at nahuhulog at dumikit sa mga espesyal na hibla.

Ginagaya ko ang mga kamay ni *Iná.* Kumilos akong gaya ng malamyos na hangin. Tinatandaan ko ang bawat puwesto ng mga  abaka at kung pa-paano hinimay-himay ang bawat hibla.

Gustong-gusto ko ang ginagawa ni *Iná.*



Dumating ang piyesta ng paghahabi. Ang panahon na inialay namin sa dakilang Baitpandi, ang Diyosa ng paghahabi. Deka-dekada nang hawak ni *Iná* ang korona bilang pinakamagaling sa lahat ng mga manghahabi sa aming tribu. Isang karangalang kaytagal nang inaalagaan ng mahal kong Iná.

Halos mapunit ang aking bibig sa kakangiti habang pinapanood ang aking ina. Sa pakiramdam ko ay iuuwi niyang muli ang korona. Kinakabog man ng isang daang tambol ang aking dibdib, tiyak kong si Iná ay panalo na.

Hayan na! Hayan na!

Ang mga mahiwagang kamay ni *Iná*. Mga kamay na walang mintis. Mga kamay na kilalang-kilala ang bawat hibla ng abaka.





Hanggang sa ... Booog!

Ano iyon? Parang may nahulog?

*Iná*? Inaaaaa!"

Sa isang kisap-mata, ang aking ina ay nakalugmok na.

Ang mga salitang kusa na lamang lumabas sa aking bunganga.

"Ang timpalak? Papaano na?"

"Masyado na siyang matanda para sa paghahabi."

"Naku! May bago nang hahawak sa korona!"

Ang bulong-bulungang aking naririnig habang pinagtutulungan naming itayo si *Iná*.

Biglang may malakas na hangin na tumutulak sa akin. Habang tinitingnan ko ang mga inihandang hibla ni *Iná*, tila sila ay tumatawag sa akin.

"Panahon na, Usman. Pagkakataon mo na," ang mahinang bulong na aking  naririnig sa kabila ng ingay sa paligid.

Ilan sandali pa, dinala na ako ng aking mga paa sa entablado, sa mismong puwesto ni *Iná*.



"Hahaha! nagbibiro ka yata, bata!" sigaw ng isang mandirigma.

Isa kang mahinang bata!" Sigaw ng isa pa.

Napuno ng tawanan ang buong paligid.

Ngunit, sa pagkakataong iyon, inisip ko na ako ay may taingang natatakpan ng buko. Walang ingay na naririnig at nagagawa lang ang isang bagay na gustong-gusto ko. Isang bagay na nais kong gawin sa napakatagal nang panahon.

Heto na! Heto na!

Ang naririnig ko lamang ay ang dagundong ng mga tambol sa loob ko na nais kumawala.

Tinitingnan ko ang orasang buhangin, may sapat na panahon pa.

Gamit ang kalkuladong galaw at sanay sa pangangasong mga kamay, sinasabayan ng kamay ko ang dagundong ng aking kaba. Umiindak na ito habang dali-daling tinitirintas ang mga hibla ng abaka.

Hinugot ko na rin ang mga makukulay na mga abaka mula sa aking bulsa. Palihim ko itong kinukulayan noon habang kami ay nangangaso ni ama. Alam kong darating ang araw na ito at ako ay handang-handa na.

Hanggang sa natapos ko ang kauna-unahan kong habi. Matagal ko na ring gustong ihabi ng isang bagong *sun'nod* si *Iná*. Ang kaniya kasi ay mapusyaw at punit-punit na.



Ubos na ang oras na iginugol sa paghahabi gamit ang buhanging orasan. Inilatag ng lahat ng kalahok ang kanilang hinabi kabilang na ang aking ginawa.

Lumabas na ang aming Datu. Siya ang inatasang magbibigay ng paghuhusga sa kung sino ang mananalo.

Tumalikod na ako.

Alam kong hindi talaga ako ang mananalo. Sa dami ba naman ng mga tumawa. Ngunit, sa puso ko ay may tapik ng tuwa, matalo man ay naipakita ko naman ang aking angking kakayanan.

"Ang pagdiriwang sa taong ito ay kakaiba sa kasaysayan ng ating Tribu. Tila may kakaibang mensahe ang dakilang Baitpandi," pambungad ng  aming Datu.

Iginala ko ang aking mga mata. Nalunod ng bulong-bulungan ang paligid. Karamihan sa kanila ay tumango-tango tila may iisang mensahe.

Ibinalik ko ang aking tingin sa aming datu. Nagsalubong ang aming mga mata at siya ay tumango.

“At ang pinakamagaling na manghahabi ay…”



Itinaas ng Datu ang aking hinabi sinundan ito ng nakabibinging hiyawan. Tila ako ay nakalutang sa alapaap.

Naipanalo ko si *Iná*?

Naipanalo ko nga si *Iná*!

"Isang katapangan ang ipinakita mo doon, Usman," inabot ng Datu aking mga kamay. "Ang magaspang na kamay na ito ay patunay na ang  ang talen to ay walang kasarian."

Pagkatapos ay umakyat sina ama at ina sa entablado. Inihandog ko nang buong pagmamalaki ang aking kauna-unahang habi.

"*Iná*, handog ko sa inyo ang aking kauna-unahang habi. Hindi kasi kita maibili ng bagong sun'nod," ang wika ko habang nakayuko.

"Mahusay, anak. Kami ng ama mo ay masaya. Tila natutuwa rin ang dakilang Baitpandi sa iyong ginawa," ang maluha-luhang wika ni *Iná* habang ako ay kaniyang niyayakap.

Mula noon ay aking napatunayan na ang kakayahan ay walang kasarian. Nanaig ang aking kumpiyansa sa sarili nang ang kanilang tawanan ay napalitan ng palakpakan.





# ANG MANUNULAT



Si Suzette Mae Narisma-Felisilda ay nagtapos ng Bachelor in Elementary Education sa Cor Jesu College of Digos City. Siya ay labindalawang taon na nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Kiblagon, Sulop, Davao del Sur.

Isa sa kanyang adbokasiya ang pagtuturo sa mga kabataan na mahalin ang pagbabasa. Handog niya ang kwentong ito sa bawat kabataang Pilipino.

# ANG TAGAGUHIT

Si May Bernadette Narisma-San Diego ay isang guro ng Matematika mula sa Mataas na Paaralang Nasyunal ng Sulop, Sulop, Davao del Sur. Siya ay anim na taon nang nagturo sa pampublikong paaralan at inspirasyon niya ang mga magulang at kapatid sa propesyon.



Bilang pagsuporta sa adhikain ng kanyang nakatatandang kapatid, mula sa hilig at gabay ng kanyang asawang Graphic Artist ay binigyang buhay ang kwentong ito.

# Ang Habi Na Natatangi

Ang mga babae ay naiiwan sa bahay at dapat naghahabi.

Ang lalaki naman ay dapat naghahanap-buhay at nangangaso. Ganoon ang nakasanayan nina Usman sa kanilang tribu.

May mga gawaing pambabae, may gawaing panglalaki.

"Ngunit, papaano kaya, kung si Usman ay may ibang taglay na kakayahan?"

Nais niyang maghabi, ngunit para sa kaniyang ina, ito ay kahihiyan lamang.

Ano kaya ang gagawin ni Usman? Kakalimutan na lamang ba niya ito?

0 pagtatagumpayan niyang mabago ang ganitong kaisipan?

Tunghayan ang kuwento ng pagpupursige ni Usman mula sa tribung Bagobo.